



Mahabang serbisyo at IKAW



ANO ANG BAKASYON NA MAHABANG SERBISYO (LONG SERVICE LEAVE)?

Ang bakasyon na mahabang serbisyo ay isang benepisyo na makukuha ng karamihan ng mga manggagawa sa NSW, kung saan dalawang buwang may-bayad na bakasyon ang maaaring makuha makaraan ang 10 taon sa iisang tagapag-empleyo at isang buwang may-bayad na bakasyon, para sa bawat limang taong serbisyo makaraan ang unang 10 taon.

BAKIT NAIIBA ANG INDUSTRIYA NG PAGLILINIS?

Sa industriya ng paglilinis, hindi karaniwan ang magtrabaho para sa iisang tagapag-empleyo nang 10 taon. Upang matiyak na ang mga manggagawa ng paglilinis ay may access sa katulad na mga benepisyo, isang iskema ng portable na mahabang serbisyo (portable long service scheme) ang itinalaga.

ANO ANG KORPORASYON NG MAHABANG SERBISYO (LONG SERVICE CORPORATION)?

Ang Korporasyon Ng Mahabang Serbisyo ay isang lupon ng batas ng Pamahalaang NSW na may pananagutan para sa pamamahala ng mga iskema ng portable na mahabang serbisyo para sa mga manggagawa sa kontratadong paglilinis at mga industriya ng pagtatayo at konstruksyon.

ANO ANG IBIG SABIHIN NG PORTABLE NA MAHABANG SERBISYO?

Ang ibig sabihin ng portable na mahabang serbisyo ay ang iyong talaan ng mahabang serbisyo ay batay sa serbisyo sa industriya ng paglilinis sa NSW, hindi lamang sa isang employer. Ibig sabihin nito, gaano man karami ang mga taga-empleyo na pinagtrabahan mo, ang iyong mga karapatan sa mahabang serbisyo kay patuloy na lalago habang nagtatrabaho sa industriya ng paglilinis.

Iyan ang dahilan kung bakit mahalaga na tingnan mo ang iyong Taunang Statement at siguraduhin na ang iyong mga detalye ng ugnayan (contact details) ay laging napapanahon.

MAGKANO ANG HALAGA NITO?

Walang bayad ang Iskema para sa mga manggagawa sa sumasahod, dahil ang buwis ay binabayaran ng mga tagapag-empleyo at mga kontratista sa industriya.

KAILAN AKO MAAARING KUMUHA NG BAKASYON?

Maaari kang mag-aplay sa Korporasyon Ng Mahabang Serbisyo nang kahit man lang dalawang linggong mahabang serbisyo, sa sandaling makaipon ka ng:

- 10 buong taon ng nakatalang serbisyo;
- Bawat 5 taon, makaraan ang unang 10 taon;
- Kung ikaw ay may 5 taon ng nakatalang serbisyo at nakaipon ka rin ng karapatan para sa mahabang serbisyo sa iyong tagapag-empleyo sa ilalim ng Batas sa Bakasyon na Mahabang Serbisyo 1955.

Maaari kang mag-aplay para sa isang pro rata na kabayaran sa mahabang serbisyo kung ikaw ay may hindi bababa sa 5 taong nakatalang serbisyo at:

- Permanente ka nang huminto sa pagtatrabaho sa industriya, o
- Sa kaganapan ng iyong kamatayan, ang iyong personal na kinatawan ay maaaring mag-aplay para sa kabayaran.

ANO ANG KAILANGAN KONG GAWIN?

- Tiyakin na ang iyong mga detalye ng ugnayan ay wasto – Upang siguruhin na matatanggap mo ang mahalagang impormasyon tungkol sa iyong nakatalang serbisyo, tingnan at i-update ang iyong mga detalye online sa www.longservice.nsw.gov.au/online-portal
- Tingnan ang iyong Taunang Statement – Bawat taon ay makukuha ang iyong statement online na ipinapakita ang iyong nakatalang serbisyo. Tingnan upang matiyak na lahat ng iyong mga gawain sa paglilinis ay nakatala sa statement na ito.

PAANO NAIIBA ANG MAHABANG SERBISYO SA SUPERANNUATION?

Ang Superannuation ay isang pondo ng pagreretiro sa iyong pangalan na nilalagan ng kontribusyon ng iyong tagapag-empleyo. Ang Portable na Mahabang Serbisyo ay isang pangkalahatang pool ng pondo na ipinupuhunan sa ngalan ng lahat ng mga manggagawa, na hindi direktang nakadeposito sa isang account sa iyong pangalan. Kapag ikaw ay may sapat nang serbisyo, maaari ka nang gumawa ng claim, kumuha ng bakasyon sa iyong trabaho at ang pagbabayad ay gagawin namin.



MGA SERBISYO NG INTERPRETER



Kung kailangan mo ng interpreter, tumawag sa **TIS National sa 13 14 50** at hilingan silang tawagan ang **Long Service Corporation sa 13 14 41**.

Ang mga oras ng negosyo ay 8.30nu - 5.00nh Lunes hanggang Biyernes.

Maaari mo ring bisitahin ang website ng TIS National para sa nakasalin na impormasyon tungkol sa serbisyong ibinibigay ng TIS National.

Bisitahin: www.tisnational.gov.au

